

Mga Madalas Itanong



T: Paano gumagana ang NationsBenefits® sa aking planong pangkalusugan?

S: Nakipagtulungan ang Alameda Alliance for Health (Alliance) sa NationsBenefits para maibigay ang iyong mga reward at incentive na benepisyo.

T: Paano ko makikita ang aking mga opsyon sa reward at available na balanse?

S: May tatlong madaling paraan para makita mo ang iyong mga reward:

- Bumisita sa **www.AllianceWellness.NationsBenefits.com**
- I-download ang **Benefits Pro® App**
- Tumawag sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)**

T: Paano ko mada-download ang Benefits Pro® App?

S: I-scan ang QR code na ito para ma-download ang Benefits Pro App sa iyong mobile device mula sa App Store® o Google Play®.



T: Paano ko matatanggap ang mga reward na pondo?

S: Ang mga pondo ay nakukuha at nilo-load sa iyong card humigit-kumulang 90 araw pagkatapos makumpleto ang bawat kwalipikadong aktibidad sa kalusugan.

T: Kailan ko matatanggap ang aking card para sa mga reward?

S: Kung bago ka sa programa, darating ang iyong card para sa mga reward sa koreo sa loob ng 7–10 araw ng negosyo pagkatapos mong magpatala. Tumawag sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)** para i-activate ang iyong card.

T: Gaano katagal bago lumabas sa aking account ang mga reward na dolyar?

S: Pagkatapos ng isang kwalipikadong aktibidad sa kalusugan, idaragdag ang iyong reward sa kasalukuyan mong Benefits Mastercard® Prepaid Card humigit-kumulang 90 araw pagkatapos mong makumpleto ang serbisyo. Puwede mong i-track ang iyong mga reward sa pamamagitan ng Benefits Pro Portal o App.

T: Saan ko magagamit ang aking mga reward na dolyar?

S: Puwede mong gamitin ang iyong mga reward na dolyar sa mga kwalipikadong Over-the-Counter (OTC) na item para sa kalusugan, produkto para sa wellness, at iba pang naaprubahang pagbili. Puwede itong kabilangan ng mga bagay-bagay gaya ng mga pang-ibsan ng pananakit, pangangalaga sa ngipin, bitamina, supply para sa fitness, at higit pa. Tingnan ang iyong Benefits Pro Portal, App, o tawagan kami para malaman kung ano ang sinasaklaw sa ilalim ng iyong partikular na plano at ang mga lokal na retailer kung saan mo puwedeng gamitin ang iyong Benefits Mastercard® Prepaid Card.

Mga Madalas Itanong



T: Paano kung wala akong paraan para ma-access ang Benefits Pro Portal o App?

S: Walang problema! Puwede ka ring sumali sa Programa para sa Mga Reward at Incentive. Tumawag lang sa NationsBenefits sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)**. Makakatulong ang Mga Tagapayo sa Karanasan ng Miyembro sa pagtingin sa iyong mga reward, pagsasagawa ng mga aksyon, o pagsagot sa iyong mga tanong. Matutulungan ka nilang i-track ang pag-usad mo at mabibigyan ka nila ng suporta sa telepono. Available ang Mga Tagapayo sa Karanasan ng Miyembro nang 8 am - 8 pm sa lokal na oras. May mga available na libreng serbisyo para sa suporta sa wika.

T: Kailangan ko bang ibigay ang impormasyon ng aking bangko?

S: Hindi. Hindi mo kailangang magbahagi ng anumang impormasyon sa banking o pananalapi para matanggap o magamit ang iyong mga reward. Ang iyong mga reward na dolyar ay direktang nilo-load sa Benefits Mastercard® Prepaid Card mo, at puwede lang gamitin sa mga naaprubahang retailer o para sa mga kwalipikadong pagbili.

T: Kanino ako makikipag-ugnayan para sa mga tanong?

S: Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong mga reward at incentive na benepisyo, tumawag sa NationsBenefits sa **1.877.408.7542 (TTY: 711)**. Available ang Mga Tagapayo sa Karanasan ng Miyembro nang 8 am - 8 pm sa lokal na oras. May mga available na libreng serbisyo para sa suporta sa wika.

Ang Benefits Mastercard® Prepaid Card ay hatid ng The Bancorp Bank N.A., Member FDIC, alinsunod sa lisensya ng Mastercard International Incorporated at puwedeng gamitin ang card para sa mga kwalipikadong gastusin saanman tinatanggap ang Mastercard. Ang Mastercard at ang disenyong mga bilog ay isang trademark ng Mastercard International Incorporated. Magagamit lang sa U.S. Walang access sa cash. Hindi ito gift card o gift certificate. Natanggap mo ang card na ito bilang gratuity nang hindi nagbibigay ng anumang may monetary na halaga o pagsasaalang-alang.

Ang App Store® at logo ng Apple® ay mga trademark ng Apple Inc. Ang Google Play® at logo ng Google Play® ay mga trademark ng Google LLC.

©2025 NationsBenefits, LLC. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang iba pang marka ay pag-aari ng mga kaukulang may-ari ng mga ito.